

2021-22 Inirerekomendang Plano sa Pagpapatakbo EHEKUTIBONG BUOD



Nora Vargas
Superbisor
Distrito Isa



Joel Anderson
Superbisor
Distrito Dalawa



Terra Lawson-Remer
Superbisor
Distrito Tatlo



Nathan Fletcher
Superbisor
Distrito Apat



Jim Desmond
Superbisor
Distrito Lima



Helen N. Robbins-Meyer
Punong Opisyal na Tagapagpaganap

L. Michael Vu
Katulong na Punong Opisyal na Tagapagpaganap



COUNTY NG SAN DIEGO



Helen N. Robbins-Meyer
Punong Opisyal na
Tagapagpaganap

Inirerekomendang Plano ng Operasyon ng CAO Mensahe

Ito'y isang bagong araw sa County! Bumuo kami ng isang plano sa pagpapatakbo na higit kailanman ay mas tumutugon sa boses ng komunidad at bumubuo mula sa isang matapang na bagong Balangkas para sa Hinaharap na itinatag ng Lupon ng mga Superbisor.

Habang ipinapakilala namin ang bagong badyet na ito, makikita ninyo na ang balangkas ay inuuna ang ekidad sa lahat ng aming ginagawa at pinalalakas ang mga programa at serbisyon nakabatay sa kalalabasan upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng ating rehiyon. Nakapokus din ito sa pagtulong sa ating mga residente at negosyong bumalik nang malakas pagkatapos ng mga nakakasirang epekto ng pandemyang ito.

Alinsunod sa balangkas, ang badyet na ito ay nagtatatag ng isang bagong pundasyong binuo mula sa ekidad sa lahi, katarungang panlipunan at pangkapaligiran, pagpapanatili at oportunidad na pangkabuhatan. Pinag-aaralan din namin ang lahat ng aming ginagawa sa pamamagitan ng binagong pokus sa transparency at inklusyon, isang bagay na nagbubuklod sa komunidad at isang bagay na magpapalakas sa aming mga operasyon.

Nananatili kaming nakapokus sa piskal na responsibilidad habang inuuna ang aming mga mapagkukunan batay sa pagsusuri ng data at pangangailangan ng komunidad. Habang patuloy naming pinalilalagan ang aming mga pangunahing pagpapahalaga na integridad, pangangalaga at pangako sa serbisyo sa unahan ng aming mga pagpapatakbo, muli rin naming pinag-aaralan ang lahat ng aming mga patakaran at programa upang mapabagsak ang estruktural na rasismo at matiyak na isinasalang-alang ang ekidad sa bawat antas ng mga programa at serbisyo ng gobyerno.

Ang inirerekomendang badyet ng County ng San Diego ay idinisenyo upang matulungang mapabuti ang buhay ng lahat ng taga-San Diego, lalo na ang mga bulnerable. Ang badyet sa taong ito ay tataas ng 7.3% o halos \$0.5 bilyon na mas higit sa badyet sa nakaraang taon sa mahigit \$7 bilyon sa Piskal na Taon 2021-22.

Ang aming nangungunang priyoridad ay palagi at nananatiling paglilingkod sa mga residente ng County ng San Diego sa pamamagitan ng pagsusumikap para sa kahusayan sa lahat ng aming ginagawa.

May pag-asa sa hinaharap. Sama-sama, tayo ay malakas, at kasama ang komunidad at ang ating Lupon, bubuo tayo mula sa mga leksiyong natutunan sa 2020 at patatatagin ang ating pananaw sa County na may ekidad na bumubuo ng mas mabuting kalusugan, tinitiyak ang ligtas na pamumuhay at umuunlad.



Ang Ating mga Pagpapahalaga

Ang pundasyon para sa lahat ng programa at serbisyo ng County



Modelo ng Pagtutulungan sa Dibersidad at Inklusyon

Komisyon sa mga Ugnayang Pantao

Komisyon may 31 miyembro na itinatag upang maitaguyod ang mga positibong ugnayang pantao, paggalang at integridad ng bawat indibidwal sa County ng San Diego.

Office of Equity & Racial Justice (Tanggapan para sa Ekidad at Katarungang Panlahi)

Nakatuon sa pakikibahagi ng komunidad upang kasamang lumikha ng nagpapabago, nagtatagal, estruktural at sistemikong pagbabago sa gobyerno ng San Diego.

Mga Employee Resource Group (ERG, Grupong Mapagkukunan ng Empleyado)

Ang County ng San Diego ay may sampung umuunlad na Employee Resource Group na may mahalagang papel na ginagampanan sa pagsulong ng aming pangako sa dibersidad at paglikha at pagpapanatili ng inklusibong lugar na pinagtatrabahuan. Ang mga ERG ay nagbibigay sa mga empleyado ng networking at mga aktibidad sa propesyonal na pagpapaunlad, sinusuportahan ang mga inisyatiba ng County, at itinataguyod ang pagkakaron ng kaalaman sa kultura.

Ehekutibong Konseho sa Dibersidad at Inklusyon

Ehekutibong pamumuno na may dibersidad na lumilikha ng isang kulturang nagpapanatili ng dibersidad at inklusyon na nasa unahan para sa mga pinuno sa kabuuan ng adhikain sa pamamagitan ng paggabay sa istratehiya ng dibersidad at inklusyon ng County.

Yunit ng Ekidad, Dibersidad at Inklusyon

Isinasama ang EDI sa kultura ng County at nagiging internal na suporta lalo na sa mga aspeto ng:

- Pag-recruit
- Pagtanggap sa Trabaho
- Propesyonal na Pag-unlad/Pagtaas ng Puwesto sa Trabaho

Office of Ethics & Compliance (Tanggapan para sa Etika at Pagsunod)

Departamentong nakatuon sa pagtataguyod ng kultura ng integridad, pagpapatupad ng Kodigo ng mga Etika, nagtataguyod ng etika at pagsunod sa pamamagitan ng mga binuong patakaran, programa at pagsasanay, at pagrerepaso ng mga reklamo sa diskriminasyon, panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso.

Ekidad, Dibersidad at Inklusyon

Mga ERG

OEC


OERJ

HRC

D&I EC

Yunit ng EDI

County ng San Diego
**DATA NA
PANREHIYON**



Populasyon

2018	3,337,456
2019	3,340,312
2020	3,343,355



Karaniwang Presyo ng Tirahan

Mga Tirahang Pang-isang Pamilya

Enero 2019	Enero 2020	Enero 2021
\$615,000	\$670,000	\$744,000

Mga Attached Home

Enero 2019	Enero 2020	Enero 2021
\$415,000	\$435,000	\$485,000



Karaniwang Kita ng Sambahayan

2017	2018	2019
\$70,588	\$74,855	\$78,980

Sibilyang Manggagawa




2019	2020
1,590,600	1,538,400



Antas ng Kawalan ng Trabaho

2019	2020	2021
3.2%	9.2%	7.2%

Distribusyon ng Populasyon sa County ng San Diego ayon sa Lahi, Etnisidad at Edad Kabuuang Populasyon noong 2019: 3,340,312



Pinagmulan: Asosasyon ng mga Gobyerno ng San Diego 2019 Mga Tantiya ng Demograpiya at Sosyo-Ekonomiko, hanggang Marso 2021 sumasalin sa pinakabagong nakuhang data.



- Inaasahan ng SANDAG na ang populasyon ng San Diego ay patuloy na lalaking may dibersidad bago sumapit ang 2035, na tinatantya ang:
36.3 % Puti, 41.4% Hispaniko, 13.9% Asyano at Taga-Islang Pasipiko, 4% Aprikanong Amerikano at 4% ng lahat ng iba pang grupo kabilang ang Amerikanong Indyano.

- Ang County ng San Diego ang may pinakamaraming reserbasyong Indyano sa anumang County sa Estados Unidos - 18

2021-22 Inirerekomandang Badyet

\$7.03
BILYON
+7.3%



MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN
AT PANTAO
\$2.7 BILYON
(+8.3%)



PAMPUBLIKONG KALIGTASAN
\$2.2 BILYON
(+7.2%)



PANGKALAHATANG GOBYERNO
\$1.5 BILYON
(+12.1%)




LAND USE AT KAPALIGIRAN
\$0.6 BILYON*
(+7.2%)



Ang mga paglalaan ay nasa kabuuang **\$7.03 billion** sa Inirerekomandang badyet para sa Piskal na Taong 2021-22. Ito ay isang pagtaas na \$480.2 milyon o 7.3% mila sa Piskal na Taon 2020-21 na Pinagtibay na Badyet.

* Hindi kasama sa Inirerekomandang Badyet ang Air Pollution Control District (APCD, Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin). Epektibo sa Marso 1, 2021, ang APCD ay nagtransisyon mula sa Land Use & Environment Group (LUEG) patungo sa isang independiyenteng ahensya, na inaalís ang staffing at mga nakabadyet na halaga mula sa LUEG na walang epekto sa paghahatid ng serbisyo.



Kabuuang Staffing Ayon sa Grupo/Ahensya

18,450.25 (+2.8%)

MGA SERBISYONG
PANGKALUSUGAN AT
PANTAO



7,083.5
(+4.6%)

PAMPUBLIKONG
KALIGTASAN



7,743.0
(+3.7%)

PINANSYA AT
PANGKALAHATANG
GOBYERNO



1,775.5
(+1.2%)

LAND USE AT
KAPALIGIRAN



1,848.25*
(+3.1%)

DEPARTAMENTO	FY 2020-21	FY 2021-22	Pagdagdag ng tauhan
Abogado ng Distrito	991	1,006	15
Sheriff - Nanumpa	2,646	2,740	94
Sheriff - Hindi Nanumpa / Propesyonal	1,735	1,896	161
Medikal na Tagasiyasat	57	60	3
Probasyon	1,007	1,009	2
Deputadong Public Defender	414	442	28
Mga Serbisyo para sa Kakayahang Mamuhay nang Mag-isa	2,529	2,629	100
Mga Serbisyo para sa Pagtanda at Kalayaang Mamuhay nang Mag-isa	449	492	43
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali	1,006.50	1,092.50	86
Mga Serbisyo para sa Kapakanan ng Bata	1,492	1,530	38
Mga Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan	709	729	20
Aklatan ng County	284.50	286.50	2
Kalusugan at Kalidad ng Kapaligiran	309	312.75	3.75
Mga Parke at Libangan	235	248	13
Mga Serbisyo sa Pagpapalano at Pagpapaunlad	232	237	5
Pagawaing Bayan	540	570	30

Binibigyang-diin sa tsart na ito ang mga piling pagdadagdag sa staffing na sumasalamin sa pangako ng County sa reporma sa sistema ng katarungan na may karagdagang tauhang nakalaan sa pangangalaga sa kalusugang medikal at ng pag-iisip para sa mga nakakulong, pati na rin ang suporta sa muling pagpasok sa komunidad. Iba pang mga pagdadagdag ng staff ang nakapokus sa pagtulong sa mga vulnerable, pati na rin sa mga serbisyong nagpapabuti sa ating mga komunidad, kagaya ng mga aklatan, parke at kalsada.

* Hindi kasama sa Inirerekomendang Badyet ang Air Pollution Control District (APCD, Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin). Epektibo sa Marso 1, 2021, ang APCD ay nagtransisyon mula sa Land Use & Environment Group (LUEG) patungo sa isang independiyenteng ahensya, na inaalas ang staffing at mga nakabadyet na halaga mula sa LUEG na walang epekto sa paghahatid ng serbisyo.

Upang makita ang buong plano sa pagpapatakbo, bumisita sa: www.sandiegocounty.gov/openbudget

Mga Priyoridad sa Paggasta

PAGPAPATATAG SA MGA BATA AT PAMILYA

Ang **\$613.2 milyon** ay mapupunta sa nadagdagang pangangailangan para sa **pagiging karapat-dapat at mga serbisyo para kakayahang mamuhay nang mag-isa**. Madadagdagan ang staffing na may kabuuang **166 na posisyon** para sa **mga serbisyong safety net, Adult Protective Services, In-Home Supportive Services at Child Welfare Services**. Kabilang din sa badyet ang bagong **County Office of Immigrants and Refugee Affairs**.

PAGBABAGO NG KLIMA AT PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN

Kabilang sa badyet ang pagpopondo para ihanda ang **Climate Action Plan** upang mabawasan ang mga greenhouse gas (GHG) emission at basura, mahigit **\$41.2 milyon** upang **maprotektahan ang mga daluyan at baybayin ng County**, at **\$11.8 milyon** upang magdagdag ng hindi bababa sa **500 acre ng lupain** sa open space ng rehiyon. Ang badyet ay nangangailangan din ng **\$0.5 milyon** upang mapalawak ang **Environmental Justice Element** sa Pangkalahatang Plano ng County upang mabawasan ang pagkahantad sa polusyon at itaguyod ang kaligtasan ng kapaligiran sa mga komunidad na hindi lubusang napaglilingkuran.

KAWALAN NG TIRAHAN

Upang matugunan ang kawalan ng tirahan, ang pagpopondo ay magpapahintulot ng paglikha ng **Department of Homeless Solutions and Equitable Communities**. Isang **\$2.5 milyon** na pagtaas ang magdadagdag sa tulong sa pabahay at pangangalaga para sa mga kabataan, beterano at indibidwal na may mga mataas na pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali at kalusugan ng pangangatawan, at ang Lupon ng mga Superbisor ay lumikha ng isang balangkas para sa mga pondo ng American Rescue Plan Act (Batas sa Plano sa Pagligtas sa Amerikano), na may \$85 milyong kasalukuyang nakalaan para sa mga serbisyo upang suportahan ang mga walang tirahan.

PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT REPORMA SA SISTEMA NG KATARUNGAN

Bilang bahagi ng pagbabago sa katarungan para sa kabataan, **\$75 milyon** ang mapupunta sa phase 2 ng Youth Transition Campus. Mahigit **141 bagong posisyon ng Sheriff** ang idadagdag para sa medikal at pinalawak na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga indibidwal na nasa nakakulong at ang **mga Mobile Crisis Response Team** ay tatanggap ng **\$10 milyon** na mapupunta sa buong county. Ang mga team ay magbibigay ng alternatibo sa pagpapadala ng tagapagpatupad ng batas kapag ang isang indibidwal ay nasa krisis sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng alkohol o droga. Susuportahan din ng pagpopondo ang **One Safe Place: Ang North County Family Justice Center**, ay isang sentralisadong pasilidad ng pangangalaga para sa mga nakaligtas sa trauma at kanilang mga pamilya.

KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Ang kabuuang badyet na **\$812.7 milyon** ay tutulong sa mga may **mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng alkohol at droga** sa pamamagitan ng muling pag-iisip sa mga programa at serbisyo, kabilang ang pagpapababa ng mga ratio sa pagitan ng staff at kliyente at pagdagdag ng mobile na pakikipag-ugnayan. Nangangailangan din ng pagpopondo upang mapahusay ang mga serbisyo sa pagpapahupa ng serbisyo at pagtitiyak na ang mga kliyente sa kalusugan ng pag-iisip ay itinatalaga sa tamang antas ng pangangalaga upang mabawasan ang paggamit ng mga emergency room.

PAGTUGON SA COVID-19 AT PAGBANGON NG EKONOMIYA

\$226.9 milyon para sa pagtugon sa COVID-19 na may pokus sa ekidad sa kalusugan at pakikipag-ugnayang may dibersidad kabilang ang programang **Test, Trace, Treat** (T3, Suriin, Subaybayan, Gamutin) para sa mga patuloy na pagsusumikap sa pagbabakuna at pagsubaybay, at programang **Great Plates Delivered** para magbigay ng pagkain sa nanganganib na matatanda. Inaasahan ng County ang paglalaan ng **\$650 milyon sa pagpopondo ng American Rescue Plan Act** na nakapokus sa pagbangon ng ekonomiya. Ang pagpopondo ay magbibigay ng mga serbisyo sa matatanda at kabataan, pondong ayuda sa maliit na negosyo, pagpapaliban ng singil sa permit para sa events industry, pinalawak na broadband access, impraestruktura, mga subsidyo sa child care, tulong sa pagkain at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.

KAKAYAHANG MAKAKUHA AT PAGIGING ABOT-KAYA NG PABAHAY

Patuloy na gagamitin ang pederal na alokasyong **\$107 milyon** upang suportahan ang tulong sa upa sa pamamagitan ng **Emergency Rental Assistance Program** (Programang Pang-emerhensyang Tulong sa Upa). Ang programang **CalWORKs Housing Support** ay makakakita ng **\$0.4 milyon** dagdag. Ang karagdagang **\$0.5 milyon** ay mapupunta sa paglikha ng istrategiya sa pabahay sa rehiyon upang mapabuti ang **supply at pagiging abot-kaya ng pabahay**.

PAGPAPABUTI NG KAPITAL

Ang badyet ay humihingi ng panibagong pagbibigay-diin sa mga proyektong kapital na may dagdag na \$149.8 milyon o 115.5% na mahigit kaysa sa nakaraang taon para sa kabuuang **\$279.6 milyon**.

Kasama sa mga proyekto ang:

- \$75 milyon para sa Youth Transition Center
- \$18 milyon para sa East Otay Mesa Fire Station
- \$21 milyon para sa Casa De Oro Library
- \$11 milyon para sa Tijuana River Valley Smuggler's Gulch Basin
- \$10 milyon para sa Animal Shelter
- \$9 milyon para sa Trails
- \$65 milyon para sa mga Parke
- \$20 milyon para sa Pagpapanatili

Isang Mas Malapitang Pagtingin sa Reporma sa Sistema ng Katarungan at Pampublikong Kaligtasan



Idinadagdag ang mga mapagkukunan sa Departamento ng Sheriff upang mapalawak ang medikal na pangangalaga at mapahusay ang pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa buong sistema ng bilangguan at upang magbukas ng tatlong yunit ng pabahay at mga aksyong medikal na pasilidad sa Rock Mountain Detention Facility. Ipinagpapatuloy ng mga aksyong ito ang pag-unlad ng departamento sa pagkamit ng accreditation ng National Commission on Correctional Health Care sa pamamagitan ng pagdagdag ng kinakailangang staff na kalusugang medikal at ng pag-iisip sa sistema ng bilangguan. Ang pagdagdag ng mga higaa at medikal na tauhan ay nagpapadali rin sa pagsunod ng sistema ng bilangguan sa mga iniaatas na kapasidad ng Board of State and Community Corrections at ginagawang posible para sa departamento ang ipatupad ang mga kritikal na pagkukumpuni at pagpapanatili sa mga pangunahing pasilidad ng kulungan upang suportahan ang mga ligtas na operasyon para sa mga indibidwal na nakakulong at para sa staff.



Bukod dito, magbibigay ng walang bayad na mga serbisyo sa telepono at naka-video na pagbisita sa lahat ng pasilidad ng kulungan sa pitong county sa Hulyo 1, 2021. Sinusuportahan ng mga pamumuhunang ito ang layunin ng pagpapabuti ng mga kalalabasan para sa mga indibidwal na bumabalik sa ating mga komunidad, na samakatuwid ay pinapabuti ang pangkalahatang pampublikong kalusugan at binabawasan ang muling paggawa ng krimen.

Sa pagkumpleto ng bagong Youth Transition Campus makakaalis ang Probation Department sa tradisyonal na koreksiyonal, nagpaparusang modelo na mukha, pakiramdam, at pinapatakbo na parang isang kulungan sa patungo sa nagpapatupad ng balangkas na may pagsasaalang-alang sa trauma, positibong pag-unlad ng kabataan na ipinapamalas upang mas mabuting masuportahan ang mga kalalabasan para sa kabataan. Pinapalitan ng bagong campus ang mahigit 50 taong pasilidad. Ang Phase I ay, at ang Phase II ay magmumungkahi, ng pagpapatupad ng inirerekomendang pinakamahuhusay na gawain sa bansa ng Center for Juvenile Justice Reform ng Georgetown University at Council of Juvenile Justice Administrators. Tampok sa Phase I ng campus na makukumpleto ngayong taon, ang may 12 higang cottage na pabahay, standalone na paaralan at kakayahang pangkarerang teknikal na edukasyon, lugar na libangan sa loob at labas ng pasilidad, lounge na para sa bumibisitang pamilya, cafeteria, at mas higit pang open space sa natural na kapaligiran upang itaguyod ang kagalingan ng kabataan, rehabilitasyon, at mas mabuting kalalabasan para sa kabataan. Tampok din sa campus ang ini-update na administratibong tanggapan, na nagpapahintulot sa Probation stadd na mas makipagkulungan sa kabataang kanilang pinaglilingkurang. Magbibigay ng walang bayad na mga serbisyo sa telepono at naka-video na pagbisita sa lahat ng pasilidad ng kulungan sa mga pasilidad ng Probation custody simula Hulyo 1, 2021. Ang mas maraming ugnayang mayroon ang mga kabataan sa mga mapagmalasakit na adulto, mas makakaranas ng mga positibong kalalabasan ang mga kabataan.



Ang pagbubukas ng North County Family Justice Center "One Safe Place" ng Abogado ng Distrito ay mangangasiwa sa iisang lokasyon kung saan ang mga nakaligtas sa trauma at ang kanilang mga pamilya ay makakatanggap ng mga benepisyo sa acute crisis-care (pangangalaga sa matinding krisis), adbokasiya, counseling, mga legal na serbisyo, childcare (pagpapaalaga sa anak), koneksyon sa shelter (masisilungan) at pabahay, at serbisyong panlipunan – lahat sa ilalim ng iisang bubong. Babaguhin ng One Safe Place ang mga serbisyo sa biktima sa County ng San Diego dahil, sa kauna-unahang pagkakataon, isang may accreditation sa bansa na Child Advocacy Center ay ilalagay sa iisang bubong bilang kilala sa bansa na tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, kasama ang tagapagpatupad ng batas at iba pang mga pangkalahatang serbisyo sa biktima. Mahalaga ito dahil ipinapakita sa pananaliksik na ang mga batang nakaranas ng pang-aabuso ay mas malamang na magkaroon ng kalalabasang hindi mabuti sa kalusugan sa kanyang pagtanda.

Ang pagdami ng mga posisyon sa Tanggapan ng Abogado ng Distrito ay magpapalawak din ng mga karapatan ng mga manggagawa bilang bahagi ng Workplace Justice Initiative (Inisyatiba sa Katarungan sa Lugar na Pinagtatrabahuhan) na kinabibilangan ng pag-uusig sa mga kriminal na kaso ng pagnanakaw ng sahod at pagpapatigil sa sapilitang pagpapatrabaho. Kabilang sa badyet ang apat na staff upang suportahan ang pagsusumikap na ito kabilang ang tagapagtaguyod sa biktima at tagasuri ng krimen. Susuportahan din ng mga karagdagang posisyon ang Juvenile Pre-File Diversion Initiative upang mapanatiling nakalayo sa sistema ng katarunhan ang mga kabataang gumagawa ng mga misdemeanor at ilang peloni at iugnay ang mga ito sa mga serbisyo at sumusuportang programang kailangan nila. Susuportahan ng mga karagdagang posisyon sa Public Defender ang Defense Transition Unit at lilikha ng staff sa pagtatasa upang matiyak ang maagang pagkilala at nasa panahong paggagamot sa populasyong sangkot sa katarungan na nangangailangan ng paggagamot sa kalusugan ng pag-uugali.

Hinihiling ang mga karagdagang abogado ng Public Defender para magbigay ng tulong sa paghahatol sa mga kliyenteng humihiling na malinis ang kanilang rekord sa pamamagitan ng programang tinatawag sa Fresh Start, at upang magbigay ng mga legal na serbisyo sa mga imigrante at lumikas sa kanilang bansa. Ang lahat ng programang ito ay nakatuon sa ilan sa mga pinakabulnablang populasyon upang magbigay ng access sa mga sumusuportang programa at serbisyo.

Sa Pamamagitan ng Pandemic and Beyond sa mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao

Habang ang pandaigdigang pandemya ng COVID-19 ay hindi pa nalalampasan, nakikita ang mga palatandaan ng pag-unlad sa pagtugon sa banta sa kalusugan at ekonomiya ng rehiyon. Matatag ang ating komunidad, ngunit hindi pa natatapos ang ating trabaho upang matiyak na ang lahat ng residente ng County ay may mga suporta sa kalusugan at kakayahang mamuhay nang mag-isa na kailangan nila upang Makapamuhay nang Maayos na may ekidad at magkaroon ng malusog, ligtas at umuunlad na pamumuhay.

Ang ekidad ang magiging nasa sentro ng nagbabagong pagtugon ng County sa COVID-19. Ang aming pagbibigay-diin sa pagbabakuna ay para sa mga nag-aalinlangan sa bakuna, hindi lubusang napaglilingkuran, mga bata habang sila ay nagiging karapat-dapat at, kung maaari, mga booster shot. Ilalaan din namin ang mga pondo ng American Rescue Plan Act para suportahan ang ekonomiya. Ang pagpopondong ito ay magbibigay ng mga pondo sa mga serbisyo sa matatanda at kabataan, ayuda sa maliit na negosyo, subsidy sa child care at mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip. Bukod dito, gagamitin namin ang pederal na alokasyong \$107 milyon upang suportahan ang tulong sa upa sa pamamagitan ng Emergency Rental Assistance Program (Programang Pang-emerhensyang Tulong sa Upa). At, magpapalano kami para sa hinaharap, na may plano ng investment para sa inaasahang pederal na alokasyong \$123 milyon para sa mga Serbisyo sa Pamublikong Kalusugan para maghanda para sa mga bagong paparating na suliranin sa pampublikong kalusugan.

Ang pokus sa ekidad ay hindi humihinto sa COVID-19. Ang aming organisasyon ay lumilikha ngistratehiya para sa pagtugon sa mga kumplikadong salik na nag-iimpluwensya sa kalusugan at ekidad kabilang ang pagkakaroon ng edukasyon, pabahay, mga opsyon sa transportasyon at kaligtasan ng kapitbahayan.

Patuloy kaming makikipagtulungan sa mga pinakamahirap maabot at pinakabulnerableng populasyon upang matiyak na ang mga bata at pamilya ay may access sa mga serbisyo at impormasyon nang sa gayon ay mas mabuti nilang mapapangasiwaan ang mga mapaghamong sitwasyon. Ang pinalawak na pakikipag-ugnayan ay magpapahusay sa pagkakaroon ng mahahalagang serbisyon safety net kabilang ang mga programang CalFresh at Medi-Cal upang mabawasan ang kawalan ng seguridad sa pagkain at matulungan ang ating mga bulnerableng residente na matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Susuportahan namin ang matatanda sa pamamagitan ng mga programang kagaya ng programang Great Plates Delivered upang magbigay ng mga pagkain sa nanganganib na matatanda.

Pahuhusayin ng County ang mga serbisyo at programa at makikipagtulungan sa mga partner at stakeholder upang matugunan ang magkakakonektang isyu ng kawalan ng tirahan, inklusyon sa ekonomiya at katarungan sa krimen. Palalawakin namin ang pagkakaroon ng pabahay at mga nauugnay na mapagkukunan para sa mga taong nakakaranas o nanganganib na mawalan ng tirahan sa pamamagitan ng paglikha ng Department of Homeless Solutions and Equitable Communities. Patatakbuin ito sa buong rehiyon na maglilingkod sa mga tao sa mga unincorporated na lugar at sa pakikipagtulungan sa 18 lungsod at iba pang mga lokal na ahensya. Maglalaan din ang County ng mga karagdagang mapagkukunan gaya ng mga wraparound team, suporta, pamamahala ng kaso at pakikipag-ugnayan para sa Housing and Disability Advocacy Program. Muling iniisip ng County ang paghahatid ng mga programa sa kalusugan ng pag-uugali upang mapabuti ang mga kalalabasan sa pamamagitan ng pagpapababa ng mga ratio sa pagitan ng staff sa kliyente, pagdadagdag ng mga serbisyo sa mga kliyenteng hindi pumapayag na makibahagi sa mga tradisyonal na kapaligiran, pagdadagdag ng mga yunit sa pagpapahupa ng krisis at pagpapadala ng mga Mobile Crisis Response Team sa buong County.

Ang aming pangako sa pagtugon sa rasismo bilang krisis sa pampublikong kalusugan ay malakas. Ang mga pagsusumikap sa pagitan ng mga departamento ay magiging kritikal sa susunod na taon at sa kalaunan, lalo na sa mga sumusuporta sa katarungan sa kapaligiran, pagpapanatili, pag-akma sa klima, transportasyon sa rehiyon at sistema ng pagkain. Tutukuyin namin ang mga paraan para mapahusay ang papel na ginagampanan ang mga lupon ng pagpapayo upang isama ang mas malalim na pananaw ng komunidad. Palalakin ang kolaborasyon at koordinasyon sa buong rehiyon upang matiyak na ang mga indibidwal at pamilya ay tumatanggap ng access sa kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, pagkain at ligtas at abot-kayang mga oportunidad sa pabahay.



Isang Mas Malapitang Pagtingin sa Land Use at Pangangalaga sa Kapaligiran



Sa pagbabago sa klima na nakakaapekto na sa ating mga komunidad, kailangan ang matatag na hakbang upang mabawasan ang mga greenhouse gas at mapreserba ang ating mga likas na yaman. Ang proseso para sa pag-update ng climate action plan (CAP, plano ng aksyon sa klima) ng County ay paparating na at kinabibilangan ng mga espesipikong paraan kung saan mababawasan ng mga pasilidad ng County at unincorporated na komunidad ang mga greenhouse gas upang matugunan at malampasan ang mga mandato ng estado. Pamumunuan din ng County ang paglikha ng balangkas upang gabayan ang ating rehiyon patungo sa zero carbon. Patuloy tayong higit na makikipagtulungan sa mga partner sa komunidad, stakeholder, ahensya at residente sa mga pagsusumikap na ito sa pamamagitan ng paghahandog ng mga workshop at pagpupulong sa sumusuporta sa mga nakapokus na talakayan sa mga paksang kinabibilangan ng transportasyon/itinayong kapaligiran, agrikultura, konserbasyon, enerhiya/tubig/basura, ekidad at katarungang pangkapaligiran.

Ang CAP ay bumubuo mula sa ibang mga pagsusumikal ng County sa pamamagitan ng komplementaryong aksyong nakapokus sa pagpapatupad na nagpapabuti ng access sa mga istilo ng pamumuhay na mabuti sa kalusugan, naghihiikayat ng pisikal na aktibidad, nagkokonserba ng open space, binabawasan ang basura, pinapabuti ang kalidad ng hangin, pinatatag ang komunidad, kinokonserba ang agrikultura, at binabawasan ang gastos sa tubig at enerhiya.



Kabilang sa pagpopondo sa badyet na ito ang iba't ibang paraan ng ating paggawa upang makamit ang mga mithiin sa pagpapanatili bilang isang rehiyon, kabilang ang pagsasapinal ng bagong CAP, pagtanim ng 3,500 puno, paglalagay ng mas marami pang charging station para sa de-kuryenteng sasakyan, pagbili ng daan-daang acre ng lupang open space, pag-aalis ng basura sa mga landfill, pagsuporta sa mga proyektong renewable energy, green building at solar power, at pagpapaunlad ng pinakamahuhusay na gawain sa konserbasyon at mapapanatiling pagbubukid.

Patuloy naming bibigyan ng edukasyon ang publiko sa kung paano sila makakapag-ambag sa mas luntiang kinabukasan sa pamamagitan ng mga biyolohikal, pangkultura, at makasaysayang programa ng interpretasyon sa parke, at ibahagi kung paano natin mapoprotektahan at mapapanatili ang open space na pag-aari ng County upang mapreserba ang mga sensitibong biyolohikal at pangkulturang mapagkukunan. Sama-sama, babawasan ng mga pagsusumikap na ito ang carbon footprint ng ating rehiyon at pagbubutihin ang pangmatagalang pag-iral para sa mga henerasyon ng mga taga-San Diego.



Pinoprotektahan at itinataguyod ng mga programa ng County ang ating mga likas na yaman at pang-agrikulturang mapagkukunan, iba't ibang tirahan ng hayop at halaman at mga sensitibong species. Ang ating istrategikong pokus sa pagpapahusay ng kalidad ng kapaligiran ay ginagawang isang nagpapatuloy na priyoridad ang pagpapanatili ng pagpopondo at pag-iwas sa polusyon.

Nag-i-invest din ang County sa proteksyon ng mga dalampasigan, batis, ilog at libis-agusan ng ating rehiyon sa pamamagitan ng mas pinahusay na pagsusuri ng kalidad ng tubig, at pag-iwas sa pagpasok ng polusyon sa mga daanan ng tubig-ulan. Patuloy naming isusulong ang mga kongkretong solusyon bilang bahagi ng internasyonal na gumagawang grupong nakatuon sa pagresolba ng krisis sa kalidad ng tubig na ito sa Tijuana River Valley sa pamamagitan ng pagpigil sa mga pagdaloy ng sewage sa pagpasok sa Estados Unidos mula sa Mexico.

Ang badyet na ito ay nag-i-invest sa proteksyon ng ating \$1.8 milyong industriyang pang-agrikultura sa pamamagitan ng mahahalagang programa ng inspeksyon na tumutukoy at pumupukso sa mga nananalakay na peste sa mga pag-aangkat ng halaman sa mga nursery,


ipinapakoreong package, at sa pribadong lupain na magdudulot ng pinsala sa agrikultura, ekonomiya at kapaligiran.

Ang ating mga programa sa land use at pangkapaligiran ay nakatuon sa paghahatid ng mga mas inklusibong programa para sa komunidad na hinuhubog ng impormasyong nakabatay sa kalalabasan na hango sa maiingat na pagtatasa at pakikibahagi ng komunidad. Mula sa pag-aaral ng mga preperensya sa wika, patungo sa pagsasalin sa mga materyales ng pangunahing programa at pagsasanay sa staff pagdating sa ekidad, dibersidad at inklusyon, ang LUEG ay nakapokus sa dibersidad ng komunidad na aming pinaglilingkuran. Kabilang dito ang paglikha ng elemento ng katarungang pangkapaligiran sa Pangkalahatang Plano ng County upang matiyak na ang mga desisyon sa land use ay ginagawa kung saan pinagtutuunan ng pansin ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay sa mga komunidad na lubos na naaapektuhan ng polusyon at limitasyon sa kapaligiran.

Tatasahin din namin ang mga pangangailangan ng ating mga pinakabulnerableng komunidad upang matiyak na hindi sila negatibong naaapektuhan ng mga hindi pinahihintulutang mapanganib na pasilidad ng basura, may access sa lokal na sariwang pagkain sa pamamagitan ng mga outlet ng Agrikulturang Sinusuportahan ng Komunidad, at naghahandog ng mga materyales sa aklatan sa iba't ibang wikang sinasalita sa buong San Diego.

Dalawang Taong Paghahambing sa Badyet para sa mga Piling Programa

Piskal na Taon 2021- 22



Mga Pangunahing Petsa ng Badyet

Mayo 6

Inirerekomendang Plano ng Operasyon ng CAO
Paglabas sa Publiko

Mayo 26-27

Inirerekomendang Plano ng Operasyon ng CAO
Mga Presentasyon

Hunyo 14

Mga Pampublikong Pagdinig sa Inirerekomendang Plano ng Operasyon Pagsisimula

Hunyo 16

Pampublikong Pagdinig sa Gabi sa Inirerekomendang Plano ng Operasyon

Hunyo 29

Inirerekomendang Plano ng Operasyon Mga Deliberasyon at Pagpapatibay

Mapapanood ng publiko ang mga pagpupulong ng Lupon ng mga Superbisor sa cable TV, online o makakapakinig sa pamamagitan ng telepono. Maaari ring magsumite ang mga indibidwal ng mga komento sa Lupon sa pamamagitan ng [e-comment](#) o [kahilingang magsalita](#) sa pamamagitan ng teleconference.

Ang [mga serbisyo ng pagsasalin sa wika](#) para sa mga tagapagsalita sa publiko ay makukuha kapag hiniling sa Klerk ng Lupon ng mga Superbisor nang hindi bababa sa 72 oras bago ang pagpupulong. Upang higit pang malaman ang tungkol sa mga pagpupulong ng Lupon, bumisita sa website ng [Klerk ng Lupon ng mga Superbisor](#) o tumawag sa 619-531-5434.

